


GABAY PARA SA LIGTAS NA PAGBIBISIKLETA

BINAGO NOONG ABRIL 2026

Nilikha base sa impormasyon mula sa HP ng Metropolitan Police Deparment, the Hokkaido Police, and the Ministry of Land, Infrastructure Transport and Tourism.

KALIGTASANG PAGSURI NG BISIKLETA

Bago sumakay ng bisikleta, siguraduhing suriin ang mga sumusunod na puntos at ayusin ang bikleta kung kailangan..





Suriin nang mabuti ang bisikletang hindi ginamit sa panahon ng taglamig!

1. Ang manibela ay naka locked nang tama sa gulong sa harapan.
2. Ang pedal ay hindi baliko at hindi gumagalaw.
3. Ang kadena ay hindi maluwag, walang kalawang at maayos na umiikot.
4. Maayos ang break sa harap at likod.
5. Walang gasgas ang gulong at sapat ang hangin nito.
6. Maliwanag ang ilaw sa harapan.
7. May ilaw at reflector sa likod (sa likod o kaya ay sa gilid) na nakalagay.
8. Wastong pagkakabit ng mga piyesa ng bisikleta.
9. Nakalocked ang upuan, abot hanggang baba ng dalawang paa ang taas nito
10. Ang upuang pang ankas ay hindi gumagalaw at walang sira.
11. Ang stand ay nakakatayo nang maayos, at hindi umuuga.
12. Hindi maluwag at umuuga ang takip ng gulong.



⚠ **Paggamit ng may sirang Bisikleta:**
Fine sa Pagsuway : 5,000 yen, Penalty ng Crimina fine ng 50,000 yen pababa.

“5 PATAKARAN PARA SA LIGTAS NA PAGGAMIT NG BISIKLETA”

1 Ang Bisikleta, dapat sa daanan ng mga sasakyan, hindi dapat sa daanan ng mga tao o sidewalk.



- Ang bisikleta ay kauri ng mga sasakyan, kaya dapat ito sa daanan ng mga ito.
  - ⚠ **Fine sa Pagsuway:** 6,000 yen
    Penalty: Pagkakulong ng 3 buwan pababa o fine ng 50,000 yen pababa.
- Ang bisiklekta ay dapat patakbuhin sa gawing kaliwa ng daan.
  - ⚠ **Fine sa pagsuway:** 6,000 yen
    Penalty: Pagkakulong ng 3 buwan o fine ng 50,000 yen pababa.
- Mga sitwasyon na maaaring mamisikleta sa sidewalk.
  - Kung may naka paskil na “permiso sa bisikleta na dumaan sa sidewalk”.
  - Kung ang namimiksekleta ay may edad na 13 pababa o 70 pataas at mga taong may kapansanan.
  - Kung may matagal na construction sa daan at sumisikip ang daanan ng mga sasakyan.

  ⚠ **Fine sa Pagsuway:** 3,000 yen
  Penalty: Criminal fine o petty fine ng 20,000 yen pababa.



- Priority ang mga tao sa sidewalk, kung dadaan sa sidewalk dapat ay sa gawi ng mga sasakyan at kung makakaabala sa mga taong dumaraan, kailangang tumigil pansamantala.
  - ⚠ **Fine sa Pagsuway:** 3,000 yen
    Penalty: Criminal fine o petty fine ng 20,000 yen pababa.

2 Dapat sundin ang stoplight at pagtigil sa interseksyon, suriin ang kaligtasan nito



- Dapat na sumunod sa stoplight ang namimiksikleta kung ito ay nasa daanan ng mga sasakyan.
  - ⚠ **Fine sa pagsuway:** 6,000 yen
    Penalty: Pagkakulong ng 3 buwan pababa o fine ng 50,000 yen pababa.
- Tumigil sa interseksyon at alamin ang kaligtasan ng bawat gawi (kanan at kaliwa)
  - ⚠ **Fine sa pagsuway:** 5,000 yen
    Penalty: Pagkakulong ng 3 buwan o fine ng 50,000 yen pababa.

3 Dapat I on ang ilaw sa gabi



- I on ang ilaw sa gabi, gumamit ng bisiklektang may wastong reflector
  - ⚠ **Fine sa Pagsuway:** 5,000 yen
    Penalty: Fine ng 50,000 yen pababa

4 Bawal mamisikleta kung nakainom ng alak



- Tulad ng pagmamaneho ng sasakyan, hindi pinapayagang mamisikleta kung nakainom ng alak.
  - ⚠ **Fine ng Pagsuway:** 5Pagkakulong ng 5 taon pababa o fine ng 1,000,000 yen pababa（Kung namisikleta nang lasing）


5 Gumamit ng helmet na pangbisikleta



Ang mga magulang o tagapag-alaga ng mga batang wala pang 13 taon gulang ay lailangang pagamitin ng helmet kung sasakay ng bisikleta. Ang lahat ng siklista hindi lamang mga bata, ay kailangang magsikap gumamit ng helmet.

MGA IPINAGBABAWAL

Huwag pumasok sa riles ng tren kung nakababa na ang bar



Huwag pumasok sa riles ng tren kung pababa na ang bar at habang tumutunog ang alarma nito

⚠ **Fine sa Pagsuway:** 7,000 yen
Penalty: Pagkakulong ng 3 buwan pababa o fine ng 50,000 yen pababa.

Sira ang break（hindi maayos）



Nararapat na may break sa harap at likod na gulong ng bisikleta

⚠ **Fine sa Pagsuway:** 5,000 yen
Penalty: Fine ng 50,000 yen pababa

Paggamit ng payong



Ang pagpapayong ay nakakasagabal sa paningin at maaaring makawala ng balanse sa pamimisikleta kaya hindi ito nararapat gawin.

⚠ **Fine sa Pagsuway:** 5,000 yen
Penalty: Fine ng 50,000 yen pababa

Paggamit ng Cellphone



Hindi nararapat na gumamit ng cellphone sa pakikipag usap, pag e mail at iba pa habang namimisikleta.

⚠ **Fine sa Pagsuway:** 12,000 yen
Penalty: Pagkakulong ng 6 na buwan pababa o fine ng 100,000 yen pababa.

Paggamit ng ear phone



Dahilan sa paggamit ng ear phone at pakikinig ng musika, hindi maririnig ang mga tunog sa paligid kaya hindi ito nararapat gawin habang namimisikleta.

⚠ **Fine sa Pagsuway:** 6,000 yen
Penalty: Fine ng 50,000 yen pababa

Pamimisikleta nang magkahilera




Hindi nararapat na humilera sa ibang namimisikleta

⚠ **Fine sa Pagsuway:** 3,000 yen
Penalty: Criminal fine o Petty fine ng 20,000 yen pababa.

MGA PATAKARANG PANG TRAPIKO

Pagliko nang pakanan sa intersection

Kung walang traffic lights, hangga't maaari ay dumaan sa gilid ng bandang kaliwa ng daan at tumawid nang diretso muna at pagkatawaid ay tumigil sandali o bagalan ang takbo at saka lumiko.



⚠ **Fine sa Pagsuway:** 3,000 yen
Penalty: Criminal fine o Petty fine ng 20,000 yen pababa


2 Beses na Pagliko

Kung liliko pakanan sa intersection na may traffic light, tumawid muna sa naka green ang light. Tumigil sandali at lumiko pakanan kapag naging green na ang traffic light dito.

⚠ **Fine sa Pagsuway:** 6,000 yen
Penalty: Pagkakulong ng 3 buwan o fine ng 50,000 yen pababa.

Kung tatawid sa kalsada

Kung tatawid sa kalsada, kailangang dumaan sa **linya na itinalaga para sa mga bisikleta**. At ganoon rin sa pagtawid sa mga intersections, kailangang dumaan sa linya na itinalaga para sa mga bisikleta



Kung walang itinalagang linya para sa mga bisikleta

Bagama't ang pedestrian lane o linya ng tawiran ay para sa mga taong tumatawid sa kalsada ay maaari ring tumawid rito ang mga namimisikleta subalit nararapat na tingnan mabuti kung may mga taong tumatawid at huwag maging sagabal sa mga ito

Kung magiging sagabal sa mga taong tumatawid, nararapat na bumaba sa bisikleta at akayin ang bisikleta sa pagtawid.




⚠ **Fine sa Pagsuway:** 5,000 yen
Penalty: Criminal fine o petty fine ng 20,000 yen pababa.

Mga Traffic lights na dapat sundin sa pamimisikleta

Ang traffic light na dapat sundin ay ang nasa iyong harapan, Subalit kung ikaw ay sa bangketa dumadaan, nararapat na sundin ang traffic light para sa mga pedestrian.

Kahit na may sign na "para sa pedestrian・bisikleta" sa traffic light, nararapat na sundin ang traffic light para sa mga pedestrian bagamat sa daanan ng sasakyan dumadaan.




⚠ **Fine sa Pagsuway:** 6,000 yen
Penalty: Pagkakulong ng 3 buwan o fine ng 50,000 yen pababa.

MGA SIGNS GAMIT ANG KAMAY

Ang mga namimisikleta ay may mga sign na ginagamit ang kamay na nararapat ayon sa kanilang pagkilos. Ang sign ay nararapat na patuloy gawin hanggang matapos ang nais ikilos gaya ng pagliko sa kaliwa o kanan, pag ikot, pag pabagal ng takbo, at pagtigil. Ito ay ang mga nakalarawan sa ibaba.

⚠ **Fine sa Pagsuway:** 5,000 yen
Penalty: Fine ng 50,000 yen pababa



- Pagliko sa kanan
- Pagpunta sa gawing kanan
- Pag ikot pakanan



- Pagliko sa kaliwa
- Pagpunta sa gawing kaliwa
- Pag ikot pakaliwa



- Pagpabagal ng takbo
- Pagtigil



Para sa impormasyon ukol sa pagsuway sa Batas ng trapiko at ang sistema ng Blue ticket, mangyaring basahin sa mga leaflets na nasa ibaba.

Magkakaroon na ng Blue Ticket para sa mga Namimisikleta simula Abril 1, 2026!

Para sa ligtas at pag iwas sa aksidente sa pamimisikleta, simula Abril 1, 2026 ay ipapatupad ang **Sistema ng Blue ticket para sa Pamimisikleta.**Para sa detalye, mangyaring basahin ang leaflet na nilikha ng Metropolitan Police Department.

https://www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=6231532375324

Mga bagong Parusa para sa mga delikadong pamimisikleta!

Upang mawala ang mga aksidente dulot ng paggamit ng telepono habang namimisikleta at pamimisikleta nang lasing, simula Abril 1, 2026 ay nagkoroon ng **bagong parusa para sa mga delikadong pamimisikleta.**Para sa detalye, mangyaring basahin ang leaflet na nilikha ng Metropolitan Police Department.

www.hiecc.or.jp/soudan/info/detail.html?pid=8730062336999

MGA SIGNS NA NASA DAAN

Maging ang mga namimisikleta ay nararapat sundin ang mga signs na nasa daan. Para sa mga signs na may kinalaman sa pamimisikleta ay ang mga nakalarawan sa ibaba. Ang iba pang mga signs ay maaaring makita sa listahan ng National Police Agency。




Sarado para sa mga bisikleta at ibang espisipikong motorsiklo



Pang trapikong linya para lamang sa mga bisikleta



Para lamang sa mga sasakyan



One way para sa mga bisikleta at ibang espisipikong motorsiklo



Para lamang sa mga bisikleta at ibang espisipikong motorsiklo



Maaring magkahilera



Para lamang sa mga pedestrians at mga bisikleta



Linyang tawiran para sa mga bisikleta




Para lamang sa mga pedestrians



Linyang tawiran para sa mga pedestrians at bisikleta

Listahan ng mga signs na nasa daan（National Police Agency）

https://www.mlit.go.jp/road/sign/sign/douro/ichiran.pdf



Navi mark para sa bisikleta・Navi line para sa bisikleta

Makikita ang mga direksyon na dapat daanan ng bisikleta. Dapat sundin ng namimisikleta ang direksyon ng arrow.（hindi maaaring sumalubong。）

KUNG MAGKAROON NG AKSIDENTE



1. **Itigil agad ang bisikleta.**

2. **Itabi sa gilid ng daan ang bisikleta upang hindi maabala sa mga nagdadaang tao o sasakyan.**



3. **Tumawag ng ambulansya sa “119” kung may nasugatan.**
   Habang hinihintay ang ambulansya, gumamit ng malinis na panyo upang patigilin ang paglabas ng dugo at alalayan ang taong sugatan subalit huwag itong pakikilusin kung hindi kailangan.



4. **Tumawag ng pulis sa “110” may sugatan man o wala.**
   Hindi nararapat na umalis mula sa lugar ng aksidente hangga’t hindi dumarating ang pulis at bilang nagmamaneho ayon sa batas, obligado mong sabihin ang buong pangyayari ng aksidente

PAGKUHA NG INSURANCE PARA SA SEGURIDAD

Para sa mga gagamit ng bisikleta, kumuha ng insurance para sa seguridad.

- Maaaring magkaroon ng pasanin na magbayad nang malaking halaga kapag nakabangga.
- Alamin ang mga sakop ng insurance pagkatapos kumuha nito.



PANGUNAHING PARAAN UPANG HINDI MANAKAW ANG BISIKLETA



1. **Palaging Doblehin ang susi ng inyong bisikleta kahit na sa sandaling oras na iiwanan ito!!**
   Hindi nag-aaksaya ng oras ang magnanakaw ng bisikleta kaya bukod sa sariling susi nito, mas mainam na gumamit ng iba pang pang lock tulad ng kadena



2. **Huwag maging tiwala kahit na sa parking ng bisikleta, hangga’t maaari ikabit sa isang matibay na bagay at susian itong mabuti!!**

3. **Nararapat na ipa rehistro ang bisikleta!!**
   Ang pagpaparehistro ay makakatulong upang makaiwas na manakaw ang bisikleta at madaling ma detect kung saan iniwan ito kaya nararapat nating iparehistro ang bisikleta.

